

Programa kontra TB ng NSW

NSW TB Program - Filipino



Impormasyon para sa mga maaaring nahawaan ng Tuberkulosis (TB)

Mga mahalagang punto

- Kayo ay nalapitan ng isang taong may tuberculosis (TB).
- Ang TB ay isang sakit na sanhi ng pagkaimpeksyon sa bakteryang *Mycobacterium tuberculosis*.
- Ang TB ay karaniwang umaapekto sa baga ng tao, ngunit maaari ring umaapekto sa ibang bahagi ng katawan. Ito ay nagiging sanhi ng malalang sakit.
- Ang TB ay maaaring malunasan sa pamamagitan ng mga natatanging antibiyotiko.
- Inirerekomenda namin na kayo ay suriin upang malaman kung kayo ay naimpeksyon ng mga mikrobyo ng TB. Kung positibo ang pagsusuri, irerekomenda namin na kayo ay malunasan o maasikaso.

Bakit namin kayo kinontak?

Kayo ay natukoy na nilapitan ng isang taong may nakakahawang TB. Inirerekomenda namin na kayo ay masuri kung kayo ay nasalanan ng TB. Depende sa magiging resulta, maaari naming irekomenda ang pagpapagamot o patuloy na pagkakaasikaso.

Ano ang TB?

Ang aktibong sakit na TB ay sanhi ng impeksyon ng bakteryang *Mycobacterium tuberculosis* at nalulunasan ng mga antibiyotiko. Kadalasan, ang TB ay tumatama sa mga baga, ngunit kung minsan ay sumisira rin sa ibang bahagi ng katawan, katulad ng mga "lymph nodes", bato, at buto. Ang impeksyon ng TB ay kadalasang walang mga bakas o sintomas at sa karamihang kaso ang mga mikrobyo ng TB ay hindi aktibo – ito ang tinatawag na 'dormant' (natutulog) o 'latent' (nakatago) na impeksyon ng TB. Ang isang taong may 'latent TB infection' ay hindi nakakahawa at hindi maipapasa ang mga mikrobyo sa kapamilya o iba pang malapitang pagkikipag-ugnayan.

Wala akong kilalang may TB – bakit ako maaaring naimpeksyon?

Dahil ang TB ay kumakalat sa ere, hindi ninyo malalaman kung sino ang nanghawa sa inyo ng TB. Upang mapanatili ang pagkapribado ng pasiyente, hindi namin babanggitin kung sino ang tao o saan nangyari ang pagkahawa.

Paano maiimpeksyon ang isang tao ng TB?

Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa ere, at kung ang taong may sakit na TB sa kanilang baga o lalamunan ay umubo, maghatsing, kumanta o magsalita, ang mga maliliit na patak ay tumatalamsik sa ere. Itong mga maliliit na patak ay maaaring masinghot ng ibang tao. Karamihan sa mga tao ay nahahawaan ng TB mula sa taong matagal na panahon nilang nakakasama. Bihibihirang mahahawaan ng TB mula sa ibang tao na nalapitan ninyo lamang ng sandali. Ang TB ay hindi kumakalat sa pamamagitan ng mga gamit sa bahay katulad ng mga kubyertos o telepono.

Wala akong sakit na nararamdaman – paano ko malalaman kung ako ay naimpeksyon?

Walang sintomas na ipinapakita ang impeksyon sa TB, kaya kinakailangang may mga natatanging pagsusuri upang malaman kung may impeksyon ng TB.

Ang mga pagsusuri ay maaaring gagawin o pamamahalaan ng inyong lokal na TB Service. Ang mga pagsusuri na ito ay:

- Isang pagsusuri sa dugo na tinatawag na 'interferon gamma release assay' (IGRA o QuantiFERON TB Gold Plus®) na nagpapakita kung kayo ay may impeksyon ng TB.
- Isang pagsusuri ng 'tuberculin' sa balat (kilala din bilang TST o Mantoux test) na ang pag-ineksyon sa balat ng loob ng braso. Kayo ay kinakailangang babalik sa ikalawa hanggang ikatlong araw pagkatapos ng pagsusuri upang matingnan kung may reaksiyon (pamamaga at pamumula) upang malaman kung may impeksyon ng TB.
- Ang pag-eksrey sa bibdib (chest x-ray) ay maaaring makapagpakita kung may TB sa mga baga. Kung minsan ang 'chest x-ray' ay makapagpakita ng nakalipas na TB, kahit na hindi ninyo alam na may TB kayo noon.

Kung ako ay nabakunahan na kontra sa TB (Bacillus Calmette–Guérin o BCG), ako ba ay protektado nito?

Ang pagbabakuna ng BCG ay nakakahadlang sa mga malalang uri ng TB ng mga batang wala pang 5 taong gulang, ngunit hindi ito nakakahadlang sa lahat na uri ng TB. Maaari pa rin kayong maimpeksyon ng TB kahit kayo ay nabakunahan na ng BCG.

Ano ang mangyayari kung ang mga pagsusuri ay negatibo?

Kung sa una ninyong pagsusuri sa dugo o balat ay negatibo, maaaring ulitin ang mga pagsusuri sa ika-2 hanggang ika-3 buwan. Ito ay dahil maaaring may ilang linggo mula pagkakaugnay sa may TB bago aalma ang sakit sa inyong sistema ng pagsanggalang. Kaya, inirerekumenda ang ikalawang pagsusuri, napakamahalagang gagawin ito upang makatiyak na wala kayong pagkakaimpeksyon sa TB. Kung negatibo ang resulta ng inyong ikalawang pagsusuri, hindi na kayo kinakailangang suriin pa uli.

Ano ang mangyayari kung ang pagsusuri ng aking dugo o balat ay positibo?

Kung positibo ang resulta ng inyong pagsusuri, kayo ay hihilinging magpa-eksrey sa dibdib, at depende sa resulta ng eksrey na ito at iba pang pagkakapeligro, maaari kayong isangguni sa isang doktor na espesyalista sa TB.

Ang pagkakaroon ng positibong resulta sa pagsusuri ay hindi nangangahulugan na kayo ay naimpeksyon dahil sa pakikipag-ugnayan ninyo sa isang taong may TB. Kung kayo ay tumira sa isang bansa na maraming may TB, may malaking pagkakataon na kayo ay matagal nang may impeksyon. Tinatantiyang ika-apat ng mga tao sa mundo ay may nakatagong (latent) impeksyon sa TB, ngunit ito ay bihira sa mga taong ipinanganak at nanirahan lamang sa Australya. Kung minsan, ang positibong resulta sa pagsusuri ng balat sa pamamagitan ng 'tuberculin test' ay maaaring mangyari sa mga taong nabakunahan na ng BCG o sa iba pang mga dahilang hindi kaugnay sa pagkakaroon ng impeksyon sa TB.

Ang pagkakaroon ng nakatagong (latent) impeksyon sa TB ay **hindi** nangangahulugan na kayo ay may aktibong sakit sa TB o nakakahawa. Ngunit, ito ay nagsasabi na mayroon kayong peligro sa aktibong sakit sa TB sa buhay ninyo. Kung gaano kalaki ang pagkadelikadong ito ay depende sa maraming bagay, kasama na kung kailan kayo nahawaan (mas mataas ang peligro kung bago pa lamang ang pagkaimpeksyon), ang edad, at kung kayo ay may mga problema sa kalusugan. Ang nars o doktor ang magpapaliwanag nito sa inyo.

Maaari bang lunasan ang nakatagong (latent) impeksyon ng TB?

Ang nakatagong (latent) na impeksyon ng TB ay maaaring malunasan upang mahadlang ang pagkakasakit sa TB sa hinaharap. Ang panlunas ay kadalasan ang paggamit ng isa o dalawang mga gamot para sa sakit na TB ng 3 hanggang 9 na buwan. Ang paggagamot ay epektibo sa paghadlang ng pagkakaroon ng sakit na TB sa karamihang taong may nakatagong (latent) impeksyon ng TB. Ang paggagamot na ito ay kadalasang ligtas, lalo na sa mga kabataan. Kung ito ang inirerekomenda na pagkakagamot ng inyong doktor, sasabihin niya ang mga benepisyo at anumang maaaring masamang epekto (side effect) nito sa inyo.

Mayroon pa bang ibang panlunas kung ako ay may nakatagong (latent) impeksyon ng TB?

Oo. Kung ang posibilidad na magkakaroon kayo ng sakit na TB ay mababa, ang doktor ay maaaring magpayo ng paraang "wait and see" (maghintay at mag-observe). Sa ganitong kaso, dapat kayo ay nagpapa-eksrey ng regular sa loob ng dalawang taon, kadalasang bawat anim na buwan. Mahalagang alam ninyo ang mga sintomas ng sakit na TB, at sabihin sa inyong lokal TB Service o doktor kung magkakaroon kayo ng mga sinyales o suspetsa ng pagkakaroon ng TB.

Para sa dagdag na impormasyon

- Kontakin ang inyong lokal na [TB Service](#)
- Basahin ang [Tuberculosis Fact Sheet](#)
- Tingnan ang NSW Health TB website – www.health.nsw.gov.au/Infectious/tuberculosis/